Isang Estratehiya ng Kaunlarang Panlipunan para sa Lungsod ng Toronto

2001

BUOD

TORONTO

TAGALOG

Ang Kaunlarang Panlipunan ay tungkol sa Kalidad ng Buhay

Ang kaunlarang panlipunan ay tungkol sa pagpapahusay sa kalidad ng buhay ng mga tao. Susi ang Pamahalaang Lungsod ng Toronto sa prosesong ito. Nag-iisa man o katambal ng mga organisasyon sa komunidad, ang pamahalaang lungsod ay nagbibigay ng maraming serbisyo sa mga mamamayan ng Toronto. Kasama na rito ang pag-aalaga sa mga bata, tahanan para sa mga matatanda na, mga aklatan, pook libangan, pabahay para sa nahihirapang magkabahay, pangangalaga sa kalusugan ng taumbayan, mga bahay tuluyan (*hostel*), at tulong para sa mga nangangailangan (*social assistance*).

Sinisikap din ng pamahalaang lungsod na pahusayin ang kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pagtulong sa pagpapalakas ng mga komunidad at paghihikayat sa mga naninirahan dito na lumahok sa mga pagpapasya para sa kinabukasan.

Noong Disyembre 2001, inaprubahan ng Sangguniang Panlungsod ng Toronto ang isang estratehiya ng kaunlarang panlipunan para sa lungsod. Binabalangkas ng planong ito ang mga panlipunang prayoridad ng pamahalaang lungsod at nagbibigay-direksyon sa tungkulin nito ng pagpapaabot ng serbisyo at pagsuporta sa mga komunidad.

Inilalarawan ng Estratehiya para sa Kaunlarang Panlipunan ang ilan sa mga hamon na hinaharap ng Toronto, ang mga pinahahalagahang prinsipyong nagbubuklod sa atin bilang isang lungsod, at ang mga adhikaing dapat na tinutuntungan ng ating pagharap sa kaunlarang panlipunan. Inilalatag din nito ang mga partikular na estratehikong direksyon na dapat gumabay sa tatakbuhin ng Toronto.

Mga Hamon sa Toronto

Ang Toronto ay may kasaysayan ng pagiging matagumpay bilang isang lungsod na multikultural, bukas sa lahat ng komunidad, lahi at nasyunalidad – isang lungsod na nakapagbibigay ng mga panlipunan at pang-ekonomyang pagkakataon sa mga naninirahan dito. Gayunman, kasalukuyang hinaharap ng lungsod ang maraming seryosong hamon na naglalagay ng reputasyon nito sa alanganin.

- Lumalaki ang agwat sa pagitan ng mga maykaya at ng mahihirap sa Toronto, bagay na mapanganib para sa kalidad ng buhay ng lahat ng mga naninirahan sa lungsod. Nakababahala ang lalung pagtaas ng mga antas ng kawalang matirahan at kahirapan ng mga bata. Ang agwat sa pagitan ng mga kinikita o sahod ay lumalapad din.
- Iniwanan na ng pederal at probinsyal na pamahalaan ang karamihan sa mga tradisyunal nitong responsibilidad sa pagpopondo ng mga programang panlipunan—partikular doon sa mga nakatutok sa pagbabago ng sistema ng pamamahagi ng kinikita, at sa pabahay.
- Ang mga bagong tungkulin ng pagpopondo at pangangasiwa sa mga mahahalagang panlipunang programa ay ipinasa sa pamahalaang lungsod, dagdag sa dati nang tradisyunal na mga obligasyon nito sa pag-asikaso sa kalusugang bayan at mga pook libangan.
- Para matugunan ang mga iniatang dito na tungkulin, ang pondong maaring gamitin ng pamahalaang lungsod ay magmumula lamang sa mga buwis sa propyedad (*property taxes*) o sa mga butaw para sa paggamit ng mga serbisyo (*user fees*).

Kung hindi mabibigyan ang lungsod ng mga kailangan nito at kung ang mga komunidad ay hindi mapapalakas para harapin ang mga hamong ito, tiyak na magreresulta ang lahat ng ito sa pagguho ng kalidad ng buhay para sa lahat ng naninirahan.

Mga Prinsipyo ng Kaunlarang Panlipunan

Ang pinakalayunin ng Estratehiya ng Kaunplarang Panlipunan ay mapahusay at mapataas ang antas ng kalidad ng buhay ng lahat ng tao. Limang prinsipyo ang gumagabay sa estratehiya:

- **Pagkamakatarungan** – ang tapat na pamamahagi ng yaman, na malaya sa diskriminasyong batay sa edad, kapansanan, kasarian, katayuang panlipunan at pang-ekonomya, lahi, relihiyon o oryentasyong sekswal
- **Pagkakapantay-pantay** – pantay, epektibo at komprehensibong karapatan para sa lahat

- **Karapatang gumamit o makaabot sa mga serbisyo** – pantay at makatarungang karapatang gumamit o makaabot sa lahat ng serbisyo, sa paraang walang tinatrato nang mababa kaysa iba sa usapin ng sapat na kita, masustansyang pagkain, sapat at abot-kayang pabahay, at hustong pananamit
- **Partisipasyon** – ang pagkakataong lumahok nang buo sa buhay ng lungsod at sa mga pagdedesisyon na magtatakda ng ating kolektibong kinabukasan
- **Pagsasama-sama/pagkakaisa** – ang pagbubuo ng tiwala at pag-aaruga sa isa't isa, at paggalang sa mga pagkakaiba ng bawat komunidad at indibidwal bilang pundasyon ng nagtutulungang mga komunidad.

Estratehikong mga Direksyon

Ang Pamahalaang Lungsod ng Toronto ay nagkonsulta na sa mga naninirahan sa komunidad, mga taga-plano at ahensyang nagseserbisyo para tukuyin ang mga panlipunang prayoridad ng lungsod at makapaglinang ng mga direksyon na gagabay sa pagkilos nito sa hinaharap.

Ang Estratehiya ng Kaunlarang Panlipunan ay naglalaman ng sumusunod na mga estratehikong direksyon:

Palakasin ang mga Komunidad

■ **Aktibong suportahan ang pagpapalakas ng kakayanan ng komunidad**
Ang pamahalaang lungsod ay dapat:
- muling magpatibay ng komitment nito sa isang pinagsanib na sistema ng pagserbisyo sa tao kung saan nagtutulungan ang mga ahensya ng pamahalaang lungsod at mga ahensya ng komunidad sa pagpapaabot ng mga programa at serbisyo;
- magbigay ng matatag na suportang pinansyal upang tumakbo ang isang imprastruktura ng komunidad na pleksible at maagap na nakatutugon sa pangangailangan;
- magpanatili ng epektibong balanse sa pagitan ng dalawahang papel nito bilang tagapangasiwa ng sistema ng pagseserbisyo at direktang tagapagbigay ng serbisyo;
- tumulong sa pagbubuo ng mga estratehikong pagkakasunduan, mga alyansa at lambat ng pagkakaisa sa hanay ng mga samahan at institusyong nakabase sa komunidad upang makapagbigay ng epektibong serbisyo at pagtataguyod; at
- magbigay ng tao, pondo at materyal para sumuporta sa pagbubuo ng kakayanan ng komunidad.

■ **Maghikayat ng partisipasyon mula sa komunidad at sa pamahalaan**
Ang pamahalaang lungsod ay dapat:
- aktibong kumuha ng partisipasyon ng lahat ng sektor ng komunidad sa proseso ng pagpapasya;
- tumulong sa pagbubuo ng isang "kamalayang sibiko" sa hanay ng mga naninirahan sa pamamagitan ng impormasyon at edukasyon tungkol sa mga palakad at takbo ng lungsod at kung paano sila aktibong makalalahok dito;
- gumamit ng mapanlikha at pleksibleng mga paraan ng pag-abot at pakikipagtalastasan upang masaklaw nito ang buong komunidad;
- tiyaking maaabot at magagamit ng komunidad ang mga pook o lugar pulungan, libangan, pangkultura at pang-edukasyon na pag-aari ng pamahalaan;
- hikayatin sa antas ng komunidad ang pagkakaroon ng responsibilidad at pananagutan sa mga usaping pulitikal; at
- kumuha ng mga pala-palagay at impormasyon mula sa komunidad tungkol sa mga isyung may kinalaman sa lahat/sa publiko, at galangin ang mga opinyong ito.

■ **Dagdagan ang mga pook o ispasyo sa lungsod para sa mga pangangailangan ng tao**
Dapat italaga ng pamahalaang lungsod ang pagpapalaki pa ng ispasyo para sa pangangailangan ng komunidad sa pamamagitan ng:
- pagbibigay-daan sa paggamit ng publiko ng mga pook na pag-aari ng lungsod ayon sa makatwirang mga kundisyon; at
- pangangampanya o pagtataguyod na kilanlin ng pamahalaang probinsyal na ang mga paaralan ay napakahalaga sa komunidad, na dapat lamang bigyang-pansin sa pormula ng pamahalaan sa pagpopondo sa edukasyon ang mga gastos na kasama sa paggamit ng komunidad ng mga paaralan.

Mamuhunan sa isang Komprehensibong Imprastrukturang Panlipunan

- **Tumukoy ng mga larangan para sa estratehikong pamumuhunan sa kaunlarang panlipunan**
  Nang may konsultasyon sa komunidad, dapat tukuyin ng pamahalaang lungsod ang mga susing larangan para sa pamumuhunan na magdudulot ng makabuluhang pagbabago sa kalusugan at kagalingan ng mga indibidwal at mga komunidad. Ang mga desisyon sa pamumuhunan ay dapat pinapatnubayan kapwa ng pangangailangan ng komunidad at ng prinsipyo ng pantay at makatarungang kakayanan ng lahat na maabot ang mga serbisyo sa buong lungsod.

- **Dagdagan ang pagiging epektibo at koordinasyon ng mga pagpaplano**
  - Dapat gamitin ng pamahalaang lungsod ang lahat ng instrumentong nasa abot nito para sa pagpaplano at pagtatakda ng mga regulasyon upang mahikayat ang pagpapalawak ng imprastrukturang panlipunan.
  - Dapat magtrabaho nang malapit at magtulungan ang lahat ng sektor na nagbibigay ng serbisyo sa tao sa pagpaplano ng mga sistema ng pagseserbisyo para matugunan ang mga pangangailangang lokal at panlungsod. Ang iba't ibang sector ay dapat pang magsikap na magkoordina at magsanib ng pagpaplano at pagpapaabot ng kanilang mga serbisyo at magtulungan/hiraman sa mga pasilidad.
  - Dapat pondohan ang mga ahensyang pangkomunidad at mga organisasyong tagaplano para mag-inisyatiba ang mga ito ng pagpaplano sa antas ng komunidad, at maglinang ng mga pamantayan para sa kakayanan at kagalingan ng komunidad.

- **Paunlarin ang pagmomonitor at pag-uulat tungkol sa mga kalagayang panlipunan**
  Ang *Community and Neighbourhood Services* ay dapat lamang patuloy na mamuno sa pagpapaunlad at pagsasapanahon ng mga instrumento tulad ng *report cards* para sa pagmomonitor at pag-uulat ng mga kalagayang panlipunan. Ang mga *report card* ay dapat maglaman ng isang komprehensibong talaan na may kaugnay na mga target para sa pagpapahusay. Makatutulong ang mga instrumentong ito sa pagtukoy ng mga larangan na nangangailangan ng estratehikong pamumuhunan, at gayundin makagagabay sa pagpaplano ng sistema sa mga departamento.

  Kasama sa mga susing talaan sa pagmomonitor:
  - talaang nagtatasa sa kalusugan at kagalingan ng mga indibidwal at komunidad na may pokus sa mga populasyong madaling maapektuhan ng anumang krisis (*vulnerable populations*); at
  - talaang sumusukat sa pagsulong ng kaunlarang panlipunan na malinaw at direkta sa punto para madaling maunawaan at magamit ng malawak na komunidad.

- **Magkaroon ng ebalwasyon sa tagumpay ng programa**
  Bilang bahagi ng komitment nito sa isang pleksible at maagap-tumugong sistema ng serbisyo sa tao, ang pamahalaang lungsod ay dapat:
  - patuloy na maglinang at magpakinis ng mga paraan ng ebalwasyon na regular na sumusukat sa pagiging epektibo at pagiging makatwiran o matipid sa gastos ng mga programa tungo sa pag-abot ng mga itinakdang target; at
  - gamitin ang mga resulta ng ebalwasyon para tuluyang pahusayin ang pagpaplano at pagpapaabot ng serbisyo.

- **Maghanap ng mas makatarungan/pantay at pleksible mapagkukunan ng buwis o kita para sa lungsod.**
  Dapat kunin ng pamahalaang lungsod ang awtoridad na magpatupad ng mga bagong mekanismo para sa pagpapallitaw at pamamahagi ng kita o pondo—mga mekanismong kapwa makatarungan at husto sa responsibilidad nito bilang tagapamahala.

Palawakin ang Pamumuno at Pakikipagsamahang Sibiko

- **Pagsikapan ang isang pinagsanib na estratehiya ng kaunlarang panlipunan para sa Greater Toronto Area**
  Dapat makipagtrabaho ang Toronto sa iba pang munisipalidad sa GTA para matugunan, sa isang koordinadong paraan, ang kaunlarang panlipunan at pagpapaabot ng serbisyo sa tao.

- **Makipagtulungan sa ibang munisipalidad para makapaglinang ng isang pambansang adyendang panlungsod.**
  Ang pamahalaang lungsod ay dapat lamang patuloy na makipagsamahan sa ibang munisipalidad sa GTA, Ontario at iba pang bahagi ng Canada, gayundin sa mga organisasyong munisipal para:
  - muling tukuyin ang kapangyarihan ng mga pamahalaang lungsod at ang lugar/ugnayan nila sa ibang bahagi ng pamahalaan; at
  - hikayatin ang pamahalaang pederal na maglinang ng isang pambansang adyenda para sa mga usaping panlungsod at gumanap ng mas aktibong papel sa pagsuporta sa panlipunan at pisikal na imprastrukturang panlungsod.

- **Palakasin ang papel ng pamahalaang lungsod bilang tagapagtaguyod**
  Kasama ang lahat ng sector ng populasyon, dapat mangampanya ang pamahalaang lungsod na mabigyan ito ng nakatataas na antas ng pamahalaan ng sapat na kapangyarihan at mga rekurso para makapangasiwa at makapagpondo sa mga serbisyong pangkomunidad at panlipunan. Ang pagtataguyod/pangangampanya ng pamahalaang lungsod ay dapat na nakabatay sa sumusunod:
  - kailangan ang komitment ng pamahalaang probinsyal sa pagpopondo sa mahahalagang bahagi ng panlipunang imprastruktura tulad ng abot-kayang pabahay para sa mga nangangailangan (*social and affordable housing*); at
  - ang pamahalaang pederal ay dapat muling gumiit ng pambansang pamumuno nito sa mahahalagang larangan ng responsibilidad nito sa lipunan tulad ng sa pabahay, pag-aalaga ng mga bata, at mga serbisyo para sa mga migrante at pananahanan ng mga bagong dating (*immigration and settlement services*).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Estratehiya ng Kaunlarang Panlipunan:
Telepono — 416-392-5617 • Fax — 416-392-8492
E-mail — socdev@city.toronto.on.ca • Website —www.city.toronto.on.ca/sds